

Mensahe mula sa Kawaning Abogado Heneral Kristen Clarke

Pagmamarka ng Ika-21 Anibersaryo ng Executive Order 13166, “Pagpapabuti sa Pag-Access ng mga Serbisyo para sa mga Taong may Limitadong Kasanayan sa Ingles”

Agosto 31, 2021

Noong Agosto 11, 2000, pinirmahan ni Presidente Bill Clinton ang [Kautusang Tagapagpaganap 13166](#) (Link sa Ingles), “upang maipabuti ang pag-access sa pampederal na gawain at pampederal na tulong sa mga palatuntunan at aktibidades para sa mga tao na, bilang resulta ng pambansang pinagmulan, limitado ang kanilang kasanayan sa Ingles (LEP).” Si Presidente Clinton ay nagbigay sa Kagawaran ng Hustisya ng pangunahing tungkulin na matugunan ang layuning ito, nagtalaga sa amin ng responsibilidad sa paglabas ng pamamatnubay at pagsangguni sa mga ahensiya. Pagkaraan ng dalawampu’t isang taon, ang pandemyang COVID-19 – pati na rin ang mga kaganapang nanghimasok tulad ng mga atake ng terorista noong ika-11 ng Setyembre, Bagyong Katrina, mga sunog, at iba pang pambansang mga sakuna – ay nagpaalala sa amin kung gaano ka-kritikal ang tungkuling iyon. Kami, kasabay ang aming estado at lokal na mga kasama, ay umaasa sa mga serbisyong pang-wika, kabilang na ang interpretasyon at pagsasalin, upang makakuha ng mahahalagang, makapagpabagong-buhay na impormasyon sa lahat ng mga miyembro ng publiko. Sa pagmamarka ng anibersaryong ito, sa tingin ko ay nararapat na bigyang-diin kung paano namin ipinagpapatuloy na pagsikapang matupad ang pangako ng Kautusang Tagapagpaganap 13166.

Una, tumutulong ang Dibisyon sa mga Karapatang Sibil sa mga ahensya ng pederal na tiyakin na ang kanilang mga tagatanggap ay may kamalayan sa mga responsibilidad sa pag-access ng wika, sa ilalim ng Titulo VI ng Batas sa mga Karapatang Sibil ng 1964. Nagtakda ang Dibisyon ng [pinahusay na mga layunin para sa mga ahensya](#) (Link sa Ingles), at nagpapatuloy na lumikha ng madaliang-paggamit, praktikal na [mga kagamitan](#) (Link sa Ingles) para sa pederal, estado, at lokal na mga entidad.

Pangalawa, kami ay [nakipagkasundo sa mga distrito ng paaralan](#) (Link sa Ingles) upang tiyakin na ang mga mag-aaral ay may mga serbisyo sa wika at suporta na karapat-dapat para sa kanila sa ilalim ng Batas para sa Pantay na mga Oportunidad sa Edukasyon ng 1974. Ang aming Seksyon para sa mga Oportunidad na Pang-Edukasyon (EOS) ay patuloy na nagtatrabaho upang matiyak na ang lahat ng mag-aaral ay maaaring pumasok sa mga paaralan ng malaya sa diskriminasyon. Alam namin na maraming mag-aaral, lalong-lalo na iyong mga nag-aaral ng Ingles, ay nagdusa ng hindi katimbang na mga dagok sa pag-aaral bilang resulta ng pandemyang COVID-19. Simula noong Enero, narating na namin ang mga pagsasaayos sa mga distrito ng paaralan sa [Arizona](#) (Link sa Ingles), [Maine](#) (Link sa Ingles), [New Hampshire](#) (Link sa Ingles), [North Carolina](#) (Link sa Ingles), at [South Carolina](#) (Link sa Ingles), na iatas sa mga paaralan na makipag-ugnayan sa mga magulang ng LEP sa wika na kanilang naiintindihan, pagbibigay kapangyarihan sa *lahat* na mga magulang na lumahok sa edukasyon ng kanilang mga anak. Habang nagrerehistro ang mga magulang ng LEP at ipinapadala nila ang kanilang mga anak pabalik sa paaralan sa buong bansa, magpapatuloy ang Dibisyon na kilalanin at alisin ang mga hadlang sa pagpapatala sa paaralan batay sa lahi, pambansang pinagmulan, wika, at katayuan sa pagkamamamayan.

Pangatlo, nasubaybayan namin ang mga halalan upang matiyak na ang mga botante ay maaaring makilahok sa mabisang paraan sa proseso ng eleksyon, tulad ng ipinagkaloob sa Batas ng mga Karapatan sa Pagboto ng 1965. Ang aming Seksyon sa Pagboto ay patuloy na ipinapatupad ng masigla ang [mga probisyon sa wikang minority](#) (Link sa Ingles) ng Batas ng mga Karapatan sa Pagboto. Ang batas na pederal na ito ay nangangailangan ng ilang mga hurisdiksyon sa buong bansa upang magkaloob ng mga materyales sa pagboto na nakasulat sa bilingguwal at tulong sa pagboto para sa mga nasasangkop na mga wikang minority. Sinusubaybayan namin ang mga halalan at, kung saan nararapat, magsampa ng mga demanda upang matiyak na ang mga pangkat ng wikang minority ay maaaring makilahok sa mabisang paraan sa proseso ng eleksyon.

Pang-apat, dahil ang pandemya ay naglantad kung gaano kahirap ang maglayag sa estado at pederal na mga websites, makahanap ng impormasyon tungkol sa pampublikong kalusugan, o manghiling para sa pambawing tulong, noong Abril 2021, naglathala ang Dibisyon ng isang pahayag upang protektahan ang mga karapatang sibil ng mga populasyon na walang lakas, kasama na ang mga pamayanang limitado sa Ingles. Itong [pahayag at gabay sa mapagkukunan](#) ay nagpaalala sa mga ahensya ng pederal na magkaloob ng impormasyon ukol sa COVID-19 na mga hakbang sa kaligtasan at mga pagsisikap sa pagbawi sa pinakakaraniwang mga wikang sinasalita ng mga taong may limitadong kasanayan sa Ingles.

Sa wakas, ang Dibisyon ay nagpapatupad ng mga batas na nangangailangan na ang mga tagatanggap ng mga pondo ng Departamento ay magkaloob ng makahulugang pag-access sa mga indibidwal ng LEP. Ang aming Seksyon sa Pederal na Koordinasyon at Pagsunod ay nakatuon sa pagtitiyak na ang mga hadlang sa wika ay hindi haharag sa daan ng hustisya. Kamakailan lamang, sinigurado nila ang ilang mahalagang mga pagsasaayos at kasunduan, kasama na ang:

- Isang [pagsasaayos](#) sa Fort Bend County, Texas para sa pagpapabuti ng pag-access sa hukuman para sa mga indibidwal na may LEP at magkaloob ng mga serbisyong tagasalin ng walang bayad sa mga indibidwal na may LEP sa mga kasong sibil at kriminal sa Fort Bend.
- Isang [kasunduan](#) (Link sa Ingles) sa Departamento ng Pulisiya sa Hazleton (Pennsylvania) na nag-aatas sa ahensiya na magkaloob ng nararapat na tulong sa wika sa anumang mga pakikipag-ugnay sa mga miyembro ng pamayanang LEP.
- Isang [kasunduan](#) (Link sa Ingles) sa Tanggapan ng mga Korte Pang-Administratibo sa Colorado na tulongan ang mga indibidwal na may LEP sa pag-access sa napapanahon at maaasahang tulong sa wika sa panahon ng mga administratibong paglilitis; at,
- Isang [kamakailang pagtatapos na kasunduan ukol sa tulong na panteknikal](#) (Link sa Ingles) sa Hudikatura ng Vermont na tumutulong sa mga hukuman sa Vermont upang mapadali para sa mga LEP na gumagamit ng hukuman na maipagtanggol ang kanilang mga karapatan.

Dahil sa mga pagsisikap na ito, higit pang mga indibidwal na may limitadong kasanayan sa Ingles (LEP) ang nagkaroon ng pag-access sa mga paaralan, sa balota, at mga serbisyong pinondohan o ipinagkaloob ng pamahalaang pederal. Subalit, alam namin na kailangan naming ituloy na tanggalin ang patuloy at paulit-ulit na mga hadlang sa wika.

Sa layuning iyon, bilang bahagi ng aming pagtatasa sa katarungan sa ilalim ng Kautusang Tagapagpaganap 13985 (*Pagsusulong ng Katarungan sa Lahi at Suporta para sa mga Pamayanang Kulang sa Suporta sa Pamamagitan ng Pamahalaang Pederal § 5* (Enero 20, 2021)), inimbita namin ang mahigit na 140 na mga kasapi sa limang sesyon ng pakikinig sa pag-access sa wika. Itong mga sesyon ng pakikinig ay nakatuon sa karanasan ng mga pamayanang LEP at itinanong: Ano ang aming magagawa na mas maayos upang mapabuti ang aming pag-abot sa at komunikasyon sa mga indibidwal na may LEP? Sinusuri namin ang katugunan mula sa mga sesyon na iyon habang patuloy naming isinasaalang-alang kung paano namin mapapabuti ang pag-access para sa lahat.

At dahil sa karamihan ng aming mga kaso ay nagsimula sa mga reklamo mula sa publiko, nagawa naming mabawasan ang mga hadlang sa wika sa pag-ulat ng paglabag sa mga karapatang sibil. Mula noong Mayo, ang Portal sa [Pag-uulat ng mga Karapatang Sibil](#) ng Dibisyon ay magagamit na sa Espanyol, Intsik (Tradisyunal at Pinasimple), Koreano, Byetnamis, at Tagalog. Handa rin kaming tumanggap ng mga ulat ukol sa mga karapatang sibil sa mga wikang hindi Ingles sa pamamagitan ng [telepono o sa pamamagitan ng koreo](#). Mangyari lamang na ipagpatuloy ang pagkalat sa balita na ang Dibisyon sa mga Karapatang Sibil ay tumatanggap ng lahat ng mga ulat sa mga paglabag sa mga karapatang sibil, hindi alintana ang wikang iyong sinasalita.

Salamat sa iyong oras. Para sa karagdagang impormasyon ukol sa Kautusang Tagapagpaganap 13166 at para ma-access ang mga mapagkukunan na may kaugnayan sa pag-access sa wika, mangyari lamang na bumisita sa [LEP.gov](#).